

Saan puwedeng magamit ang tulong?

- Hindi nabayaranang renta o hindi nabayaranang mga utility bill na mula pa Abril 1, 2020.
- Hanggang 3 buwan ng mga bayad sa susunod na renta at utility.


Ano-ano ang limitasyon ng programa?

- Direktang ibabayad ang tulong sa renta sa landlord. Kung kwalipikado ang tenant, makikipag-ugnayan ang partner na agency sa landlord para sa susunod na hakbang.
- Ang tulong sa hindi nabayaranang renta at mga utility ay hindi dapat lumampas sa 12 buwan ng tulong sa bawat tenant.
- Puwede ring makatanggap ang mga kwalipikadong nangungupahan ng tulong sa pagbayad sa mga susunod na renta nang hanggang 3 buwan.
- Dapat munang bayaran ang mga nakaraang renta bago ang mga bayad sa hinaharap.

Mga Kinakailangang Dokumento

Dapat maibigay ng mga nagpapaupa ang mga sumusunod:

- Pagkakakilanlan
- W9 at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bayad sa renta



NARITO NA ANG TULONG SA RENTA

Sa pakikipagtulungan sa County of Monterey, nagbibigay ang United Way Monterey County ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong nangungupahan na walang trabaho at walang kita dahil sa pandemyang COVID-19.

Ipaprioridad ng programa ang mga nangungupahang mababa ang kita, gayundin ang mga nanganganib nang mawalan ng matitirhan, o may mga hindi pa nabayaranang upa nang hanggang 12 buwan.

**Para madagdagan ang nalalaman
at para makapag-apply, bisitahin ang:**
unitedwaymcca.org/county-rent-and-utility

NARITO NA ANG TULONG SA RENTA

Kung nawalan ka ng kita dahil sa epekto ng COVID-19 sa ating komunidad, maaari kang maging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad ng upa at utility.

Sa pakikipagtulungan sa County of Monterey, nagbibigay ang United Way Monterey County ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong nangungupahan na walang trabaho at walang kita dahil sa pandemyang COVID-19.

Para madagdagan ang nalalaman at para makapag-apply, bisitahin ang:
unitedwaymcca.org/county-rent-and-utility
o MCRentHelp.com

Sino ang kwalipikado?

- Mga tenant na naninirahan sa County of Monterey, anuman ang immigration status.
- Dapat na nauugnay sa COVID-19 ang pagkawala ng kita.
- Puwedeng may pormal o hindi pormal na areglo sa pag-upa ang mga tenant.
- 80% o wala pang 80% Area Median Income (AMI) ng Monterey County.

Unahin ng programa ang pagpopondo para sa mga tenant na mababa ang kita (50% o wala pang 50% AMI), pati na ang nanganganib mawalan ng bahay, o may mga hindi nababayarang renta.

SAMBAHAYAN	50% AMI	80% AMI
1 TAO	\$35,600	\$56,950
2 TAO	\$40,700	\$65,100
3 TAO	\$45,800	\$73,250
4 NA TAO	\$50,850	\$81,350
5 TAO	\$54,950	\$87,900
6 NA TAO	\$59,000	\$94,400

Ano-ano ang limitasyon ng programa?

- Ang tulong sa hindi nabayarang renta at mga utility ay hindi dapat lumampas sa 12 buwan ng tulong sa bawat tenant.
- Puwede ring makatanggap ang mga kwalipikadong nangungupahan ng tulong sa pagbayad sa mga susunod na renta nang hanggang 3 buwan.
- Dapat munang bayaran ang mga nakaraang renta bago ang mga bayad sa mga susunod na buwan.



Mga Kinakailangang Dokumento

- Dokumento ng problema sa tirahan o sa pinansyal na dahil sa kawalan o pagbaba ng kita dahil sa COVID-19
- Katunayan ng pagiging kwalipikado sa kita (2020 tax return, pinakakamakailang paystub, W-2, bank statement, award/benepisyo para sa kawalan ng trabaho, abiso sa pagbawas sa oras ng trabaho mula sa employer)
- ID na bigay ng gobyerno (mula sa anumang bansa) na may larawan, pangalan, at petsa ng kapanganakan para sa ulo ng tahanan
- Abiso na kailangan ng bayaran ang renta